REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-225

**KAPASIYAHAN PARA SA PAG-EXPROPRIATE NG LUPANG DAANAN O RIGHT OF WAY SA MAY LAKEVIEW ELEMENTARY SCHOOL AT PAGBIBIGAY NG KARAPATAN SA PUNONG BAYAN UPANG MAGHARAP NG KASONG EXPROPRIATION PROCEEDINGS SA NABANGGIT NA LUPA.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang nasabing lupang daanan (right of way) na pag-aari ni G. Danilo Jaravata ay kailangang-kailangan ng mga naninirahan, mga batang mag-aaral, at pati na ng mga guro ng nasabing lugar;

SAPAGKAT, ang mga nagyayaot-parito sa nasabing lugar ay masyadong nahihirapan dahil sa kalayuan ng kanilang tinatahak sa pagpunta at paglisan sa nasabing lugar;

SAPAGKAT, kung hindi mabibigyan ng right-of-way ang nasabing paaralan, ang mga mag-aaral na manggagaling sa National Highway, Bruger Subdivision, Country Homes, Street of San Francisco at ang mga naninirahan sa malapit sa Espeleta Apartments at Moldez Apartments ay mahihirapan na sa pagtungo nila sa paaralan ng Lakeview, kaya ang magiging desisyon nila ay ang ilipat sa ibang paaralan ang kanilang mga anak;

SAPAGKAT, kung matutuloy na magsilisan ang mga mag-aaral sa nasabing paaralan ay maaaring ito ay madissolve at mapapalipat kung saan-saang lugar ang mga guro at mag-aaral;

SAPAGKAT, kung mangyayaring madissolve na ang nasabing Paaralan ay mababalewala lahat ang pagsisikap, hirap at gastos ng ating pamahalaan at lahat ng pagpupunyagi ng mga pamunuan ng nasabing paaralan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan para sa pag-expropriate ng lupang daanan o right of way sa may Lakeview Elementary School at pagbibigay ng karapatan sa Punong Bayan upang magharap ng kasong expropriation proceedings sa nabanggit na lupa.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 175th regular na pulong na ginanap ngayong ika-21 ng Oktubre 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts